Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL
A. Francisco Gold Condominium II EDSA cor. Mapagmahal St.,
Diliman, Quezon City

Hulyo 2, 2009

MEMORANDUM SIRKULAR
Blg. 2009-98

SA MGA : PUNONG LALAWIGAN, PUNONG BAYAN, DIREKTOR PANREHIYON NG DILG AT IBA PANG KINAUUKULAN

PAKSA : BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2009

Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041,s.1997, taunang ipinagdiriwang ang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Para sa taong 2009, ang tema ng pagdiriwang ay ***Wikang Filipino: Mula Baler Hanggang Buong Pilipinas*** bilang pakikiisa sa Taon ng Baler na ipinahayag sa bisa ng Proklamasyon Blg. 1696.

Ang mga layunin ng pagdiriwang para sa taong kasalukuyan ay ang mga sumusunod::

a) Pahalagahan ang wikang Filipino bilang pambansang wika;
b) Itampok ang kahalagahan ng wikang Filipino para sa pambansang identidad ng wika at kultura;
k) Itaguyod and wikang Filipino bilang midyum ng komunikasyon;
d) Gamitin ang Filipino bilang wikang panturo sa wika at panitikan;
e) Gamitin ang wikang Filipino sa talakayang Kultural; at
g) Pagpapahalaga sa Wikang Filipino bilang epekibong wika para sa katatagang pangkabuhayan ng sambayanang Pilipino.

Para sa isang buwang pagdiriwang, ang sumusunod na paksa ay hinati-hati sa bawat lingo ay Agosto:

Agosto 1-7	-	Ang Wikang Filpino: Mahalagang Kasangkapan sa Pagpapamalas ng Kagitingan,Kagalingan at Kasipagan para sa Kalayaan
Agosto 8-15	-	Wikang Filipino: Susi sa Pambansang Identidad
Agosto 16-22	-	Wikang Filipino: Instrumento sa Mabisang Komunikasyon at Panturo sa Wika at Panitikan
Agosto 23-31	-	Wikang Filipino: Mula Baler Hanggang Batanes at Tawi-Tawi

Upang magkaroon ng makabuluhang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ang lahat ng punong lalawigan at punong bayan ay inaatasang makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon at sa KWF sa inyong lokalidad para magsagawa ng iba't ibang programa na naaayon sa pangangailangan ng mga paaralan.

Maaari rin kayong dumulog sa website ng KWF sa www.kwf.gov.ph. para sa iba pang karagdagang impormasyon.

Kaugnay nito, inaatasan ko rin ang lahat ng Direktor Panrehiyon ng DILG na dagliang ipalaganap ang direktibang ito sa kani-kanilang nasasakupan

Sa Atas ng Kalihim:

AUSTERE A. PANADERO
Pangalawang Kalihim,LG